*MALAY 32(2) June 2020, pp. 54-63*

# Pagtalunton sa Bulakenyo Cinema: Diskurso at Perspektiba ng mga Piling Direktor mula sa Bulacan/

# *Locating Bulakenyo Cinema: Discourse and Perspective of Selected Directors from Bulacan*

David R. Corpuz
Far Eastern University, Philippines
De La Salle University, Philippines
dcorpuz@feu.edu.ph/david.corpuz@dlsu.edu.ph

Dulot ng demokratisasyong ginawa ng digital technology sa produksiyon ng pelikula ang pagyabong ng independent cinema sa Pilipinas. Kasama rito ang mataas na pagkilala't pagpapahalaga sa mga pelikulang panrehiyon na sumasalamin sa mga kuwento at danas ng pamumuhay sa probinsiya o sa labas ng Metro Manila. Ang mga pelikulang ito ay ayon sa perspektiba ng mga direktor na nagmula sa probinsiyang kanilang kinakatawan. Subalit sa gitna ng mga diskurso tungkol sa masiglang kultura ng paggawa ng pelikula sa iba't ibang panig ng bansa, kapansin-pansing hindi masyadong napag-uusapan ang mga likha ng mga Bulakenyong direktor sa pelikulang panrehiyon. Nais maipaliwanag ng pag-aaral ang kawalan ng kolektibong turing na "Bulakenyo Cinema" gamit ang mga naratibong nakalap mula sa mga panayam sa apat na Bulakenyong direktor. Pinagnilayan din nila ang kahalagahan ng pagiging malay sa rehiyonal na identidad sa paggawa ng sariling pelikula. Sa bandang huli ay nakapagbigay ang pag-aaral ng mga mungkahi kung paano mapauunlad ang sineng Bulakenyo at masiglang pakikibahagi sa diskurso ng sineng pambansa.

**Mga Susing Salita:** Bulacan, Bulakenyo Cinema, pelikulang panrehiyon, pelikulang pambansa, kultura

*The democratization of digital technology has led to the flourishing of Philippine independent cinema. The recognition of regional cinema, films that reflect stories and experiences from the provinces, is also an important development. These films have allowed filmmakers who are outside of the center to create films based on narratives situated in their places using their perspectives as locals. Beneath the discourses on emerging cinematic cultures in the regions comes the almost absence of the works of Bulakenyo filmmakers in the discussions of regional cinema. This study aims to explain this absence through the narratives gathered from the interviews with four filmmakers who identify as Bulakenyo, who also reflected on the significance of incorporating their regional identities in film practice. This study also offers recommendations on how to develop Bulakenyo cinema, which aims to contribute to the emerging discussions on Philippine national cinema.*

**Keywords:** *Bulacan, Bulacan cinema, regional cinema, national cinema, culture*

Copyright © 2020 by De La Salle University

## Panimula: Panrehiyong Cinema

Sa pagyabong ng independent filmmaking sa Pilipinas buhat ng digital technology makikilatis ang matatag na presensiya ng mga pelikulang panrehiyon sa iba't ibang film festival sa bansa (Tan 146). Ang mga pelikulang ito ay likha ng mga filmmaker na mula naman sa labas ng Metro Manila. Ilan sa mga pelikulang panrehiyon na nagtagumpay ay ang *Ang Damgo ni Eleuteria Kirchbaum* ni Remton Zuasola ng Cebu at *Ang Paglalakbay ng mga Bituin sa Gabing Madilim* ni Arnel Mardoquio ng Davao, na parehong nagwagi bilang Pinakamahusay na Pelikula sa Gawad Urian Awards noong 2011 at 2013 (Valiente).

May mga direktor na malinaw ang ugnayan ng kanilang pelikula sa lupang sinilangan o kinamulatan. Ang mga unang pelikula ni Brillante Mendoza na *Masahista* (2005), *Kaleldo* (2006), *Manoro* (2006), at *Serbis* (2008) ay pawang nakalunan sa Pampanga (Reyes). Ibinabandera naman ni Kanakan Balintagos (o Auraeus Solito) ang kulturang Palawan sa *Busong* (2011) at *Baybayin* (2012) (Magsanoc). Bukod sa mga direktor na naunang binanggit, nakilala rin sa paglikha ng mga pelikulang nakalunan sa kanilang probinsiya sina Jason Paul Laxamana at Carlo Catu ng Pampanga, Sheron Dayoc ng Zamboanga, Arnel Barbarona ng Davao, Alvin Yapan ng Bicol, at Mes De Guzman ng Nueva Vizcaya.

Mahalaga ang papel ng mga film festival upang mapanatili at mapaunlad ang regional filmmaking sa Pilipinas. Nagsilbi ang mga ito bilang espasyong panooran para sa mga katangi-tanging kuwento ng mga tagaprobinsiya, sumasalamin sa kanilang mayamang kultura at karanasan sa sariling bayan. Pinasinayaan ang sumusunod na mga film festival: CineKabalen ng Pampanga noong 2009, Pelikultura: The Calabarzon Film Festival (tanggapan sa Los Baños, Laguna) noong 2010, CineKasimanwa ng Western Visayas (tanggapan sa Iloilo) noong 2013, Salamindanaw Asian Film Festival (tanggapan sa Davao) noong 2013, North Luzon Film Festival (tanggapan sa Tuguegarao City) noong 2015, SineNegrense: Negros Island Film Festival (tanggapan sa Bacolod City) noong 2017, at Festival de Cine Paz Mindanao (tanggapan sa Zamboanga City) noong 2017 (Lim 55-56). Bago ang lahat ng mga film festival na nabanggit, pinasinayaan noong Pebrero 18, 2009 ang Cinema Rehiyon, isang film festival na may layuning mabigyan ng exposure ang mga filmmaker na nagmula sa iba't ibang panig ng bansa (Carcamo).

Mahalaga ang mga pangyayaring ito dahil hindi maitatangging nasa Metro Manila ang sentro ng produksiyon ng pelikulang Pilipino. Ang mga tanggapan ng kumpanyang mainstream tulad ng Star Cinema at GMA Films ay nasa Quezon City, samantalang matatagpuan sa Ortigas, Pasig City ang Viva Films at Regal Films. Sa ngayon, hindi maitatanggi na "Manila-centric" ang pelikulang Pilipino (Gancio 1). Manileño ang tauhan at ang suliranin ng naratibo, at nasa Maynila ang daloy ng naratibo (para sa papel na ito, ang saklaw ng salita ay mga taong naninirahan sa Kamaynilaan). Kung dadalhin sa probinsiya ang naratibo, gamit pa rin ang perspektiba ng bidang Manileño, isang dayo.

Sa Kamaynilaan din ang pook-dausan ng mga nangungunang independent film festival sa bansa. Ang Cinemalaya ay idinaraos sa Cultural Center of the Philippines sa Pasay City at sa piling Ayala Cinemas. Ang mga pelikula ng Cinema One Originals ay ipinapalabas sa mga piling sinehan sa Metro Manila. Dahil nga Quezon City International Film Festival ang pangalan ng film festival ay sa Quezon City ito ginaganap. Kahit hitik sa representasyon ang mga pelikulang panrehiyon sa mga major film fest na ito, ang regional filmmakers na kalahok ay kailangang maglakbay papuntang Maynila – mula sa pakikipag-ugnayan sa mga organizer at sa pagpapalabas ng kanilang pelikula sa manonood na taga-Maynila rin.

Kakaunti lamang ang mahahanap na pananaliksik tungkol sa pelikulang panrehiyon ng Pilipinas. Ang "Cinemarehiyon 2009" ni Vicente Groyon ay isang sarbey ng mga pelikula sa naturang film festival. Ipinalabas sa film festival ang mga pelikulang maikli at ganap ang haba na galing Davao, Bacolod, Iloilo, Cebu, Cagayan De Oro, Naga, at Baguio. Napansin ni Groyon na ang bawat grupo ng mga pelikula (ayon sa lugar ng produksiyon) ay may kolektibong katangian sa larangan ng estetiko at sensibilidad—at konektado ito sa background ng direktor sa pag-aaral nila ng midyum. Halimbawa, makikitaan ng sensibilidad ng mainstream ang mga pelikulang produkto ng pormal na pag-aaral sa kolehiyo o workshop (Cebu, Naga, Davao, at Cagayan De Oro), samantalang mas eksperimental ang mga gawang naimpluwensiyahan ng iisang mentor, tulad ni Peque Gallaga ng Bacolod at Kidlat Tahimik ng Baguio.

May limang obserbasyon si Vicente Groyon: (1) tunay na may mga pelikula at mga direktor sa labas ng Maynila at nagawa nilang manaig sa gitna ng kawalan

o kakulangan ng impraestruktura sa produksiyon, distribusyon at eksibisyon; (2) ang mga pelikulang ito ay nagbibigay ng ibang perspektiba o lente ng buhay sa Pilipinas; (3) malaki ang naitutulong ng edukasyon sa unibersidad o sa workshop sa pagbuo ng artistikong sensibilidad ng rehiyon; (4) maaaring sumalamin sa identidad ng rehiyon ang mga pelikula nito; at (5) kailangang siyasatin muli ang terminong "regional" bilang isang kategorya sa pelikula. Ayon kay Groyon, *"it fails to account for authorial matters such as heritage, mobility and migration, thematic concerns or preferences, collaboration, and aesthetic freedom"* (195).

Isang isyung nabanggit ay ang pinagmulan ng direktor (awtor) ng pelikula bilang salik para sabihing regional ito. Halimbawa, ang isang pelikulang nakalunan sa Maynila na gawa ng isang Ilokanong direktor ay "regional" ba o hindi? Kung ang isang pelikula ay tungkol sa bayan ng Siquijor pero dinirehe ng isang taga-Zambales, ang pelikula ba ay matuturing na Siquijodnon o Zambaleño?

Sa *Philippine Contemporary Regional Cinema* dinalumat ni Mary Kareen Gancio ang kasalukuyang kondisyon mga panrehiyong cinema sa pamamagitan ng mga panayam sa pitong regional filmmaker at sa mga ekspertong sina Teddy Co[1] (film curator) at Nick Deocampo (historyador at iskolar ng pelikula). Isinumite sa Instityut ng Pelikula ng Unibersidad ng Pilipinas, ang MA tesis ni Gancio ay gumamit ng teorya ng pantayong pananaw ni Zeus Salazar bilang lente. Sa pangkalahatan ay marhinalisado ang panrehiyong pelikula sa Pilipinas. Kulang ang kamalayan ng manonood sa pag-iral ng mga regional film kaya kakaunti lang ang tumatangkilik sa mga ito kumpara sa pelikulang Tagalog (Gancio 69). Malaking salik ang dominasyon ng wikang Tagalog at ang Manileñong sensibilidad sa pangkalahatang industriya ng pelikula sa bansa (Gancio 77). Nabanggit ni Teddy Co na malaking hamon ang pag-sustain sa manonood ng regional film kahit pa man ang mga prinodyus ng malaking film festival tulad ng Cinema One Originals. Mahalagang pag-isipang mabuti kung paano magiging accessible ang mga ito sa mas maraming manonood (sa Gancio 77-78).

Gayunman, magandang indikasyon ang presensiya ng mga pelikulang panrehiyon sa gitna ng akulturasyon ng mainstream, at maging ng Tagalog independent cinema, dahil isa lamang ito sa mga patunay na may kagustuhan ang mga direktor sa labas ng sentro (Maynila) na maipakita at maibahagi ang pamumuhay sa kanilang probinsiya gamit ang sariling perspektiba at hindi ang dikta ng mga tagalabas o ng mga dayo. Dagdag pa ni Gancio, kahit pa man marhinalisado ang mga pelikulang panrehiyon ay buo pa rin ang pag-asa na sa tamang panahon ay tatangkilin din ang mga ito ng mga manonood (78). Mahalagang magpatuloy ang paglikha ng mga pelikulang sumasalamin sa buhay-probinsiya.

Ayon kay Teddy Co, maituturing na "regional" ang isang pelikula kung ito ay pasok sa sumusunod na mga pamantayan (sa Gancio 88-91):

1. Kinunan sa labas ng Metro Manila ang pelikula;
2. Ang direktor ay taal at/o lumaki sa probinsiyang dinadaluyan ng naratibo ng pelikula at may malawak na kaalaman sa kultura nito;
3. Gamit ang wikang katutubo ng lugar; at
4. Gamit ang perspektiba ng mamemelikula o direktor bilang miyembro ng rehiyon at kulturang kaniyang ipinakikita, inilalarawan, at ipinakikilala.

## *Nasaan ang Bulacan sa Usaping Regional Cinema?*

Ang mananaliksik ay isa ring mamemelikula. Ipinanganak sa Quezon City ngunit noong 1993, lumipat ang kaniyang pamilya sa San Jose Del Monte, Bulacan. Pitong taong gulang lamang siya noon. Nag-aral ng elementarya at haiskul, sa paaralang matatagpuan lamang sa loob ng kaniyang subdibisyon. Sa musmos niyang pananaw, malayo siya sa siyudad. Sa SJDM, malayo ang anyo ng buhay na nakagisnan sa realidad ng mga napapanood sa telebisyon at sa mga pelikulang nirerentahan ng kaniyang amang araw-araw ay minamaneho ang Bulacan hanggang sa Quezon City, kung saan siya naghahanapbuhay. Nang magkolehiyo, nalaman niyang 30 minuto lang pala ang biyahe mula SJDM hanggang Lagro, Quezon City (noong hindi pa usad-pagong ang trapik).

Niyakap niya ang ang "Bulakenyo" bilang turing sa sarili nang mag-aral ng kolehiyo sa Metro Manila. Ipinagmalaki niyang sa San Jose Del Monte siya namulat at lumaki. Sa Bulacan din siya nagkamalay sa sining, hindi man sa pagpipinta o pag-awit, kundi sa sining ng mga larawang gumagalaw sa mga pelikula at mga palabas sa telebisyon. Sa takdang panahon, naging isa siyang independent filmmaker at

isang propesor sa unibersidad. Sa pagtahak ng mga landas na ito ay dahan-dahan din siyang napalayo sa lupang kaniyang kinalakihan. Nakatira na siya sa isang apartment sa Quezon City upang mapalapit sa unibersidad kung saan siya nagtuturo at sa mga lugar kung saan nakikisalamuha sa mga kaibigang direktor at manunulat. Hindi nila maiwasang mapag-usapan ang mga ginagawa. 'Yung isa magiging hurado sa CineKabalen Film Festival. Nalaman kong ang kaibigan ng aking kaibigan ay itinalagang direktor sa isang Cinematheque sa Zamboanga. Sasali naman sa Calabarzon Film Festival ang kaibigan kong taga-Quezon.

Napagtanto ng mananaliksik na ito: sa usaping panrehiyong pelikula, nasaan ang Bulacan?

Sa yugtong ito ng pananaliksik, kailangang ideklara: mayroong mga direktor at lumilikha ng pelikula na taga-Bulacan. Ang mananaliksik na ito ay isa sa kanila.

*Bakit mahalagang pag-aralan ang Bulacan?* Hindi lang dahil dito nakatira at lumaki ang mananaliksik, dahil kilala ang Bulacan bilang isang probinsiyang mayaman sa kasaysayan, kultura, at sining. Ang Simbahan ng Barasoain sa Malolos ay nakilala bilang bulwagang pulungan ng Unang Kongreso ng Malolos (Herrera 71). Sa Malolos din itinatag ang Unang Republika ng Pilipinas noong 1899 ("*The First Philippine Republic of the Philippines*"). Maraming kulturang pamana sa Bulacan: mga lumang bahay na naging saksi sa pagbabago ng panahon mula noong panahon ng Kastila, ang Barasoain Church sa Malolos; kilala ang industriya ng minatamis (sa Bustos), ginto (sa Meycauayan), chicharon (sa Sta. Maria), paputok (sa Bocaue), at marami pang iba ("*Bulacan, Philippines: Tourism*"). Ilang Pambansang Alagad ng Sining ay tubong Bulacan, tulad ni Rio Alma para sa panitikan na taga-San Miguel (Gojo Cruz 6). Sina Honorata "Atang" de la Rama para sa teatro, Francisca Reyes Aquino para sa sayaw, Guillermo Tolentino para sa sining biswal, at Gerardo De Leon para sa pelikula ay pawang mga taga-Bulacan din ("*National Artists*").

Ang mga nabanggit ay nagpapatunay na ang Bulacan ay isang probinsiyang hitik sa kayamanang kultural at sining, subalit may Pambansang Alagad ng Sining sa Pelikula pero walang depinitibong pagkilos sa pagpapaunlad ng sineng Bulakenyo?

*Bakit pelikula?* Hindi lang dahil mamemelikula rin ang mananaliksik, kundi isa itong mahalagang uri ng sining. Sa lahat ng sining, ang pelikula ay may kakayahang makaabot sa malaking manonood, may kakayahang makawangis ang nakikitang realidad sa anyong mapapanood sa pinilakang tabing, at ngayon, sa iskrin ng telebisyon at ng kompiyuter. 'Ika nga ni Rolando Tolentino, ang pelikula ay maaaring suriin bilang libangan, estetika, pambansang sinema, ideolohiya, panlipunang konteksto, at kultural na teksto (xii-xxv). Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang lente ng pambansang pelikula/cinema, o ang "lokalisadong pagdanas ng sining at antas ng bansa" (Tolentino xx). Ano ba ang danas ng Bulakenyo na ipinakikita sa pelikula?

Umaangkla ang pag-aaral na ito sa paniniwalang ang "Bulakenyo Cinema" ay maaaring maitaguyod sa pagbubuklod ng mga direktor, manunulat, at iba pang alagad ng pelikula na taal na Bulakenyo at/o lumaki at namulat sa Bulacan. Sa pag-aaral na ito, dadalumatin ng mananaliksik ang kasalukuyang estado ng pelikula sa naturang probinsiya, mula sa perspektiba ng apat na mamemelikulang Bulakenyo.

### *Ang Mga Partisipant na Mamemelikula*

Nabanggit kanina na ang mananaliksik ay isa ring direktor, ngunit hindi niya masasabing kasapi siya sa isang pangkat ng filmmaker base sa probinsiyang pinanggalingan. May mga direktor na nakadikit sa kanilang identidad bilang "filmmaker" ang probinsiyang kanilang pinanggalingan. Halimbawa ay mga Cebuano filmmaker: Remton Zuasola, Keith Deligero, Victor Villanueva, at Christian Linaban (Campos 214); mga Mindanaoan filmmaker: Bagane Fiola, Sherad Sanchez, Gutierrez Mangansakan II, Arnel Mardoquio, at Sheron Dayoc (Cañedo 184-187); at mga Kapampangan filmmaker: Jason Paul Laxamana, Carlo Catu, at Petersen Vargas (San Diego). Naging hamon sa mananaliksik ang paghahanap ng mga filmmaker na taga-Bulacan dahil hindi kagaya ng mga grupong nabanggit sa itaas, walang hayag na organisasyon o pagtitipon-tipon ang mga Bulakenyong direktor.

Ang mga kasamang direktor sa pag-aaral na ito ay pinili sa pamamagitan ng *convenience sampling,* isang uri ng *non-probability sampling* na ang pangunahing pamantayan ay ang aksesibilidad, kalapitan, *availability*, at ang pagsang-ayon ng partisipant na maging bahagi ng pag-aaral (Etikan et. al. 2). Sa kaniyang mga kakilala ay nakahanap ang mananaliksik ng apat na direktor na taga-Bulacan na

pumayag sa imbitasyon para sa panayam upang pag-usapan ang (1) kanilang praktis sa paggawa ng pelikula at (2) pananaw sa kawalan ng hayag na komunidad ng mga Bulakenyo filmmaker at ang kawalan ng kolektibong turing sa kanilang mga pelikula bilang "Bulakenyo Cinema."

Ang mga partisipant sa mga panayam ay sina:

1. Si **Cenon Obispo Palomares** ay taal na taga-Pulilan, Bulacan. Nagpalit-lipat man daw sila ng bahay ay doon lang din sila bumabalik—parehong barangay, bayan, at probinsiya. Aminadong mahilig mamasyal sa loob at labas ng bansa si G. Palomares pero laging niyang binabalik-balikan ang kaniyang lupang sinilangan. Nagtapos siya ng kursong BA Film and Audio Visual Communication sa UP Diliman, nagsulat para sa ABS-CBN, at nagturo sa kaniyang Alma Mater. Ang kaniyang dulang pampelikulang *Kusina* ay nagwagi ng Grand Prize sa Don Carlos Palanca Memorial Awards noong 2006. Naisapelikula ito nang makapasok sa Main Competition ng Cinemalaya Independent Film Festival noong 2016. Kasama niya si David Corpuz, ang mananaliksik na ito, sa pagdirehe ng pelikulang *Kusina*.
2. Si **Herwin Cabasal** ay ipinanganak sa Kapitangan, Paombong, Bulacan, ngunit lumipat sa Hagonoy kung saan naninirahan ang kaniyang pamilya hanggang ngayon. Nang makapagtapos ng kursong Mass Communication sa Centro Escolar University (CEU) Malolos ay nagtrabaho siya sa ABS-CBN. Muli siyang nag-aral, una sa Asia Pacific Film Institute noong 2010 kung saan nahasa ang kagalingang teknikal sa paggawa ng pelikula at pumasok sa kursong MA Araling Midya (Pelikula) sa UP Diliman. Iniwan niya ang mundo ng produksiyon sa telebisyon para sa pagtuturo. Konektado siya sa CEU Malolos, Far Eastern University Manila (FEU), at Mapua University. Ilan sa maiikling pelikulang nagawa niya bilang direktor ay *Pieta* (2014), *Viscera* (2014), at *Incubo*, pelikulang nagtanghal sa kaniya bilang Best Director at nagkamit ng Best Cinematography sa Singkuwento International Film Festival 2016. Nakasama na ng mananaliksik si G. Casabal bilang kasamahang guro sa FEU at bilang kasapi sa mga workshop sa pelikula.
3. Si **Lee Jacob Fabonan** ay taga-San Jose Del Monte, Bulacan. Aminadong hindi taal na Bulakenyo dahil lumipat lang sila dito noong siya ay lima o anim na taong gulang. Inaangkin niya ang identidad na Bulakenyo dahil sa SJDM siya lumaki at nagkaroon ng kamalayan. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng MA Araling Midya (Pelikula) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kung saan din niya tinapos ang digring BA Malikhaing Pagsulat sa Pilipino. Sa panahon ng panayam ay konektado siya sa Colegio De San Juan De Letran at Pamantasan ng De La Salle, Maynila. Ang kaniyang undergraduate na tesis ay isang literary history ng San Jose Del Monte, Bulacan (na sa kasamaang palad ay kasama sa mga natupok na dokumento nang masunog ang UP Faculty Center noong Abril 2016). Kasalukuyan ay gumagawa siya ng maiikling pelikulang naratibo at dokyumentaryo. Bukod sa pagiging iskolar ng pelikula, itinuturing niya ang sarili bilang isang alternative filmmaker. Ilang beses nang nakasalamuha ng mananaliksik si G. Fabonan sa UP Film Institute.
4. Si **Annemikami Pablo** ay tubong Santa Monica, Hagonoy, Bulacan. Siya ang pinakabata at ang nag-iisang babae sa mga partisipant. Nagtapos siya ng kursong Mass Communication sa Bulacan State University (BulSU) Malolos noong 2015. Miyembro ng Multimedia Division, isang organisasyon sa College of Arts and Letters ng unibersidad. Sa kaniyang paglahok dito ay napagtanto niya ang interes sa paggawa ng pelikula. Ang kaniyang maikling pelikulang *Mater* ay finalist sa Short Film Category ng Cinemalaya Independent Film Festival noong 2015, at ang pinakaunang pelikulang galing sa BulSU na naging finalist sa Cinemalaya. Nakatanggap din siya ng nominasyon para sa Pinakamahusay na Maikling Pelikula sa Gawad Urian noong 2016. Dahil naging alumni din ng Cinemalaya ang mananaliksik, naging madali para makausap niya si Bb. Pablo na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

Hiwa-hiwalay silang kinapanayam ng mananaliksik noong Marso hanggang Abril 2017. Dinayo niya si Pablo sa kampus ng BulSU Malolos. Pinuntahan naman niya si Fabonan sa opisina nito sa Colegio De San Juan De Letran sa Intramuros. Sinabayan niya sa hapunan sa isang mall sa Quezon City si Palomares. Nangyari naman ang panayam kay Cabasal sa isang restawran sa Maginhawa St., UP Village.

Sa panayam ay ginabayan ng mga puntong nasa ibaba ang mananaliksik:

a. Pagsasalaysay sa pagkakakabit ng kamalayang Bulakenyo sa proseso ng paglikha;
b. Pagtatanto sa kawalan ng sineng matatawag na "Bulakenyo" at ang mga hamong kaakibat ng pagpapangalang ito;
c. Pagtatakda kung ano ang pelikulang matatawag na tatak-Bulacan; at
d. Paghingi ng mungkahi para maitaguyod ang "Bulakenyo Cinema."

***Ang Bulakenyo Filmmaker***

Bulakenyo ang turing ng lahat ng kinapanayam sa kanilang sarili. Taal na Bulakenyo sina Pablo, Cabasal, at Palomares dahil doon sila ipinanganak at lumaki.

Sa Pasig ipinanganak si Fabonan at lumipat lang sa SJDM nang siya ay lima o anim na taong gulang. Hindi naman purong Bulakenyo ang kaniyang mga magulang. Ang rason niya kung bakit niyayakap niya ang pagka-Bulakenyo, "Doon ako nakatira. 'Yun ang bumuo ng pagkatao ko. Lahat ng pagtingin ko sa mundo ngayon, sa Bulacan nagmumula." Pero kinukuwestiyon niya ang konsepto ng "purong" San Joseño (taga-SJDM). Muli niyang inalala ang tesis na kaniyang naisulat. Ang orihinal na San Joseño ay mga Dumagat, hanggang sa magka-reduccion:

> Mayroong *reduccion* sa Meycauayan. Marami nang tao sa Meycauayan. Nangangailangan ng *raw materials* na matatagpuan sa San Jose Del Monte. Simula sa reduccion sa Meycauayan nagpapunta ng pamilya para tumira sa San Jose... Ang mga pamilyang 'yan galing ng Meycauyan na lumipat ng San Jose Del Monte. Sila ang nagsilbing taal na San Joseño. Nang lumaon, may *migration* naman. Kung tatanungin mo ako, sino ba ang *legit* na San Joseño? Lahat naman tayo ay lumipat lang dito. May nauna lang.

Nang maitanong kung ano nga ba ang kulturang Bulakenyo, maging ang taal na si Palomares ay hirap isalarawan ang kulturang kaakibat sa identidad na inaangkin:

> Ang hirap humugot sa totoo lang. Nararamdaman ko ang pagiging Bulakenyo sa kapuwa ko Bulakenyo. Pero hindi ko mai-articulate. Hindi katulad ng sa Bikol, sa Pampanga, sa Iloilo, alam mo ang pagkain nila, kung ano ang meron sila... Puwede kong sabihing mga piyesta. Pero nababawan ako e... Ano nga ba ang *essence* ng isang Bulakenyo?

Ang pagtatanong sa esensiya kung ano ang isang Bulakenyo ay maaaring tingnan sa usaping pamana ng kultura. Nasabi ng lahat ng mga kinapanayam na bantog ang Bulacan bilang lunan kung saan itinatag ang Unang Republika ng Pilipinas at marami pang rason na nabanggit na sa unang bahagi ng papel na ito. Ngunit hirap ang lahat sa pagsasalarawan sa kanilang sarili bilang isang Bulakenyo.

Nagkasundo ang sinabi nina Palomares at Cabasal na posibleng malaki ang kinalaman ng Tagalog bilang wikang gamit ng mga Bulakenyo kaya mahirap ihiwalay ang identidad ng Bulakenyo sa kapitbahay nito, ang Maynila. 'Ika nga ni Palomares, "Masyadong halu-halo sa Bulacan, maski doon sa lugar namin [Pulilan], maraming dayo galing Maynila at Pampanga." Iginigiit naman ni Fabonan na may sariling punto naman ang Tagalog ng mga Bulakenyo subalit base sa kaniyang obserbasyon ay nawawala na rin ito.

Kaya nang sila ay tanungin kung nakakabit ba ang pagiging Bulakenyo sa mga ginagawang pelikula, hindi naging madali ang pagharap dito. Narito ang ilan sa kanilang mga sagot:

> *Personally*, hindi ko rin makita ang *identity* ko as a Bulakenyo filmmaker, pero ang ikinukuwento ko ay karanasan ng isang Bulakenyo. Ang milieu ko ay Bulacan. (Palomares)
>
> *To be honest*, nag-iisip ako ng pelikula na talagang *intended* siya na Bulakenyo. Pero mukhang hindi ko pa siya nagagawa. Yung isa kong pelikula, *Viscera*, tungkol sa mga batang ninanakaw para kunin ang mga lamang-loob. Narinig ko yun noong bata ako, pero nalaman ko na lang na nangyayari pala siya kahit saan. Bakit nga ba ang mga filmmaker na taga-

> Bulacan, tulad ko, hindi *conscious* sa paggawa ng pelikulang Bulakenyo? (Cabasal)

> ’Yung *Mater* base sa kuwento ng kaibigan ko tungkol sa nanay niya. Bulakenyo din siya. Ang bigat kasi ng tema ng *Mater*, ano? Pero lahat naman ng Pilipino posibleng ma-attach sa relihiyon. (Pablo)

> Kailangan kong magpakatotoo. May mga panahong hindi ko sinasadya. Hindi ko mapigilan kasi natural na lumabas sa akin [ang sensibilidad ng Bulakenyo] kasi doon ako nagmula. Kaya kong bumuo ng isang karakter na galing Bulacan, pero hindi ko kayang gumawa ng ibang karakter. Maliban na lang kung mananaliksik ako. (Fabonan)

May kaugnayan ang kanilang mga sagot: hindi man tahasan ang paggamit ng “tatak-Bulakenyo” sa pag-iisip, pagsusulat, at pagsasaimahen ng kanilang pelikula, hindi maitatanggi ang impluwensiya ng Bulacan sa kanilang paraan ng pagtingin at pagkukuwento. Lahat sila ay lumaki at nagkamalay rito, at ang mga kuwentong kanilang ibinabahagi ay kapiraso ng kanilang buhay sa bayang kanilang kinalakhan. Wala mang pananadya ng pagtatak ng “pelikulang Bulakenyo” na tulad ng ginagawa ng ibang rehiyon, hindi ikinakaila ang sensibilidad na nabuo sa paghulma ng isip habang lumalaki sa Bulacan. Mahirap mang maasinta ang esensiya ng purong identidad ng isang Bulakenyo, kung mayroon man, posible kayang tanggapin na lamang ang posibilidad ng isang “mixed” o pinaghalu-halong kultura para maitakda ang pagka-Bulakenyo?

### *Nasaan ang Bulakenyo Cinema?*

Kadikit sa unang diskusyon tungkol sa “katangiang Bulacan” ng isang pelikula ay kung mayroon nga bang “Bulakenyo Cinema” o isang lehitimong kalipunan ng mga pelikulang gawang Bulacan. Ano nga ba ang posibleng kaakuhan ng Bulakenyo Cinema bilang isang kolektibong gawa kung susundin ang parameter na inilatag ng pag-aaral ni Mary Kareen Gancio?

Kailangang (1) sa Bulacan ang lunan ng naratibo ng pelikula; (2) Bulakenyo ang pangunahing awtor nito, ang direktor; (3) dapat gamit ang lokal na wika, bagkus Tagalog; at (4) malinaw ang boses o perspektiba ng Bulakenyo sa bayang nirerepresenta sa pelikula.

Sa mga nabanggit, madaling punan ang unang dalawang katangian. May mga pelikulang inilugar ang daloy ng naratibo sa Bulacan at mayroon ding mga Bulakenyong direktor. Ngunit naging malaking palaisipan ito para sa mga kinapanayam: paanong maitataguyod ang katagang “Bulakenyo Cinema” kung nagmumukhang hadlang ang wikang Tagalog? Paano ito kung ang kulturang Bulacan ay mahirap bigyang-kahulugan?

Ayon kay Cabasal, malaki ang naitutulong ng wika sa pagbuo ng pagkakakilanlan ng ibang pelikulang rehiyonal. Kapampangan ang ginamit ni Jason Paul Laxamana sa pelikulang *Magkakabaung* (2014). Nasa Hiligaynon naman ang *Yanggaw* ni Richard Somes (2008), samantalang nasa Ilokano ang *Bambanti* ni Zig Dulay (2015). Ibig sabihin, lumilitaw ang pagkakaiba ng mga pelikulang ito kumpara sa Tagalog na dominanteng naririnig sa pelikulang Pilipino. Nagkataong Tagalog din ang wikang ginagamit ng Bulakenyo at hindi ito maikukubli at mababago sa pelikula.

Subalit hindi ba’t Tagalog din naman ang salita sa karatig na probinsiya tulad ng Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon)? Bakit sa mapa ng pelikulang rehiyonal e napapansin ang rehiyong ito? Sa Cavite pa nga ginanap ang Cinemarehiyon 2016 noong Disyembre. Sasagutin ito ng ikaapat na katangian—ang lente o perspektiba ng direktor.

Kumpara sa Calabarzon, mahirap isiping malinaw na naipakikita ang kultura ng Bulacan sa pelikula. Samantalang ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-pruweba na mayroong mga direktor na Bulakenyo at hindi sila makatatakas sa paggamit ng wikang Tagalog, hindi naman tahasang ginagamit ang lenteng Bulakenyo. Bakit nga ba nawawala o naisasantabi ang perspektibang ito?

Sa pananaw ng mananaliksik, malaki ang naidudulot ng kalapitan ng mga Bulakenyo sa sentro (ang Maynila), na nagkataon ding sentro ng industriya ng pelikula. Dahil sa *proximity*, nagiging madali ang *mobility*, ang pagluwas sa Maynila at pagbalik sa Bulacan. Dahil dito, posibleng naiwawaksi sa diwa ang pagkakaiba ng kulturang pinupuntahan at binabalikan. Ang mananaliksik ay lingguhan o dalawang beses sa isang buwan na lamang kung bumisita sa Bulacan.

Nalulungkot na binanggit ni Palomares sa panayam:

> Siguro nga wala tayong *consciousness*. Hindi natin iniisip na tayo ay Bulacan filmmakers

> dahil sobrang lapit natin sa sentro, sa Maynila. Tayo, isang jeep, isang FX, o ilang oras lang na biyahe sa bus, nasa Maynila na. Samantalang sila, sasakay ng eroplano, ng barko, o dalawa hanggang 10 oras sa bus para makarating ng Maynila, kaya pansin nila ang pagbabago ng lugar... Siguro nakatulong kahit papaano ang distansiya ng Pampanga sa Maynila *to develop their own identity*. Samantalang sa Bulacan, parang hindi na kailangang mag-*develop* ng bagong kultura kasi may *existing* na kultura sa tabi mo, na malakas na.

Naniniwala si Fabonan na may kaugnayan ang kalapitan ng Bulacan sa Maynila upang hindi mapansin ng Bulakenyong direktor ang kaniyang pagiging isang Bulakenyo.

> Ang Maynila, may sentro ng pamemelikula. Ang Bulacan, naaanggihan ng sentro. Wala tayong nagliliyab na pagnanais na pumiglas sa sentro o gumawa ng sarili nating sentro, kasi nakikinabang tayo sa sentro ng Maynila. 'Yung ibang probinsiya, napipilitang magtayo ng sariling sentro, kasi kailangan nila. Ang susi diyan e, gusto ba nating taga-Bulacan na gumawa ng sariling sentro?

Ang resulta: watak-watak ang mga Bulakenyong direktor na hindi mahanap. Malaki ang epekto nito lalo na sa mga kabataang Bulakenyo na nais gumawa ng pelikula. Isang malaking suliranin kung paano pag-iisahin ang mga mamemelikulang Bulakenyo. Isa ito sa hinihiling ni Pablo, "Sana makabuo ng organization ng Bulakenyo filmmakers. Tulong-tulong dapat. Naranasan ko noon na hindi ko alam kung saan ako lalapit, kung ano ang gagawin. Lahat inaral ko sa sarili ko."

Sa panahon ng panayam, tatlo sa apat na partisipant ay aral sa UP Film Institute[2]. Sa edukasyong natatamasa pa lamang ay napapalapit na sila sa sentro. Maaaring sa pamamayani ng kultura ng paggawa sa lungsod ng Kamaynilaan ay natatabunan ang kulturang Bulakenyo. Mainam sana kung sila ay babalik para ipamahagi ang napag-aralan, hindi lamang sana sa teknikal at estetikong paraan ng paggawa ng pelikula, kundi maging sa paggamit ng midyum bilang instrumento sa pagbabahagi ng kuwentong Bulakenyo.

### *Kailangan pa ba ng Tatak ang Bulakenyo cinema?*

Ayon kay Cabasal, "*Cinema is cinema, regardless*. Kailangan natin siyang i-define as Philippine Cinema." Dagdag ni Fabonan, "Ang konsepto ng rehiyonal ay kolonyal. Pinapalakas nito ang paghihiwalay natin." Para sa kanilang dalawa, sa unang tingin ay posibleng problematiko ang konsepto ng pagdidikta ng mga pelikula base sa rehiyon dahil nagreresulta ito sa dibisyon at kompetisyon.

Subalit, sila mismo ay umaming kailangang harapin ang realidad ng *dominance* ng Manila-centric na paraan ng produksiyong dumidikta sa Philippine cinema. Pagbalikwas ni Fabonan, "Kaya lang sa panahon natin ngayon, nagkakaroon ng *effort* na palakasin ang pelikulang rehiyonal kasi malakas ang sentro, nagiging kolonyal ang sentro, aka Maynila."

Sinuportahan ito ni Palomares, "Delikado kung hindi tayo [pelikulang Bulakenyo] maging *distinct*, maa-assimilate tayo nang husto ng Maynila. Sa isang banda, wala namang problema kung ma-assimilate kaso baka ma-extinct ang kultura natin... *It's not about being divisive.* Hindi naman natin gustong humiwalay pero gusto nating buhayin ang kulturang Bulakenyo."

Samakatwid, ang pagtakda ng masasabing awtentikong pelikulang Bulakenyo o "Bulakenyo Cinema" ay kinakailangan at nararapat hindi para humiwalay kundi para maipagdiwang ng pelikula ang kaakuhan, karanasan, at kultura ng isang Bulakenyo sa sining ng pelikula. Ang distinksiyon na ito ay kontribusyon sa pambansang cinema. Tulad ng ibinabandera ng tenet ng pelikulang penrehiyon, hindi lamang ang mga pelikulang ginagawa sa sentro ang matatawag na pelikulang Pilipino, kundi pati ang galing sa mga probinsiya, kasama na rito ang Bulacan.

Binalikan ni Pablo ang "*identity crisis*" ng pagiging isang Bulakenyo at ang koneksiyon nito sa mga ginagawang pelikula. Para sa kaniya, mahalagang maitanim sa isip ng isang Bulakenyong direktor na una sa lahat, isa siyang Bulakenyo. Dagdag niya, "Naniniwala ako na maraming Bulakenyo filmmakers. Kalat-kalat lang at hindi napagsasama-sama."

### *Posibilidad para sa Isang Bulakenyo Cinema*

Napagtanto ng mananaliksik na makatutulong sa pagtataguyod ng "Bulakenyo Cinema" ang sumusunod na mga rekomendasyon:

Una, kailangang magpakilala o "magladlad" ang mga Bulakenyong direktor at ibang kaugnay na alagad ng pelikula (manunulat, prodyuser, sinematograper, tagadisenyo ng produksiyon, editor, atbp.) na sila ay Bulakenyo. Isang paraan upang mailagay sa mapa ng Philippine Cinema ang Bulacan ay ang kaalamang may mga tao sa rehiyon na aktibong gumagawa ng pelikula. Kapag nahanap na ang mga personalidad na ito ay maaaring makabuo ng komunidad na magkakasama-sama ang mga mamemelikula tungo sa isang hangaring mapaunlad ang sineng Bulakenyo.

Ikalawa, itatak sa isipan ng mga Bulakenyong mamemelikula na mayaman ang kulturang Bulacan at maraming paghahalawan ng kuwento rito. Nakapag-ambag pa ng suhestiyon ang mga kinapanayam kung ano ang maaaring maisapelikula sa Bulacan: mga piyesta tulad ng sa Obando at Pulilan, mga danas ng mga pamilyang nawawalan ng tahanan sa Hagonoy dahil laging binabaha ang lugar, mga kuwento ng engkanto sa magugubat na bahagi ng probinsiya, ang bahay na pula sa San Ildefonso, ang hiwaga ng Madlum River sa San Miguel, and industriya ng chicharon sa Sta. Maria, ang sukang paombong sa Paombong, ang buhay sa gitna ng industriya ng paputok sa Bocaue, ang pagtatalo ng urban at rural na sensibilidad sa San Jose del Monte, ang buhay sa Doña Remedios Trinidad, mga pangyayaring tumatak sa kasaysayan, at marami pang iba. Nagulat ang mga kinapanayam sa nadiskubre nila sa pakikipag-uusap nila sa mananaliksik. Napagtanto nilang napakaraming istoryang mapupulot sa lupang sinilangan o kinalakhan. At lahat ay napatanong: "Bakit hindi ko ginagawa ito?"

Ikatlo, kailangang umpisahan ang pananaliksik tungkol sa mga pelikulang Bulakenyo. Hanapin ang mga pelikulang ginawa ng mga Bulakenyo. Pag-aralan ang mga likha ng Pambansang Alagad ng Sining na si Gerado De Leon at siyasatin ang "pagka-Bulakenyo" nito. Mayroong dapat magpasimuno sa pagsasadokumento at pagsusulat ng kasaysayan.

Ikaapat, bumuo ng archive ng mga pelikulang gawa ng mga direktor na Bulakenyo. Luma man o bago. Naratibo, dokyumentaryo, o eksperimental. Maikling pelikula man o mga pelikulang ganap ang haba. Kahit gawa ng mga estudyante. Posible rin ang pagtatatag ng taunang film festival na maaaring mapanood ng mga Bulakenyo ang mga nilikhang pelikula.

Ikalima, kailangang mabigyan ng edukasyon ang mga manggagawa ng pelikula at ordinaryong mamamayang Bulakenyo tungkol sa kulturang Bulacan. Kailangang mas maintindihan ang kaakuhan ng rehiyon para epektibo itong maikuwento sa pelikula. Kailangan ding lumalim ang kaalaman ng manonood sa bayang kaniyang ginagalawan.

Panghuli, kailangan ng edukasyon sa paggawa at ang iba't ibang paraan ng pagbasa at pagdalumat ng pelikula. Napansin ng mananaliksik at ng mga kinapanayam na direktor na nakasentro sa Malolos ang mga kolehiyo at unibersidad na may programa sa Komunikasyon[3]. Nasabi rin ni Cabasal na sa CEU kung saan siya nagtapos ng AB Mass Communication, isang asignatura o tatlong yunit lamang ang nakalaan para sa paggawa ng pelikula.

Lahat ng partisipant ay aral sa UP Diliman. 'Ika nga ni Fabonan, "Bakit nga ba tayo lalabas ng Bulacan para pormal na mag-aral ng pelikula kung mayroon na sa loob? Kasi ang paglabas, pangangailangan siya e." Puwede itong tingnang indikasyon na kaunting Bulakenyo lang talaga ang nabibigyan ng exposure, ng mas malalim na pag-aaral ng pelikula, o ng midya sa kabuuan. Nagkasundo ang lahat na hindi naman kailangang nasa antas ng kolehiyo ang gagawing pag-aaral. Malaki na ang maitutulong ng film literacy at filmmaking workshop para mahulma ang kamalayan ng isang mag-aaral. Hangga't maaari ay maipakilala nawa ang pelikula sa murang edad dahil tulad ng nasambit ni Palomares, isang *cultural artifact* ang pelikula: "Ito ang pinaka-consumable, pinakamadaling i-digest sa lahat ng sining. Kahit hindi ka nakakaintindi ng art, kahit iba ang pinag-aralan mo, may makukuha ka sa panonood." Ang pelikula ay hindi lamang nagbibigay-aliw sa mga taong gustong kumawala sa realidad; ito ay sumasalamin sa buhay, sa realidad na ginagalawan, kahit pa man nabuo ito sa imahinasyon ng direktor.

Sa kabila ng lahat ng ito, naniniwala ang mananaliksik na tanging mga Bulakenyong alagad ng pelikula lamang, sa tulak ng kanilang kagustuhan at pangangailangan, ang makapagsasakatuparan ng mga nabanggit.

## Endnotes

[1] Si Teddy Co ay ang Commissioner for the Subcommission on the Arts ng National Commission for the Culture and the Arts (NCCA) noong panahong isinusulat ang papel na ito.

[2] Sa panahon ng publikasyon, lahat na ng kinapanayam ay aral na sa UP Film Institute. Si Annemikami Pablo ay kasalukuyang kumukuha ng kursong MA Media Studies (Film), samantalang si Herwin Cabasal naman ay nakamit na ang digri sa naturang programa.

[3] Ayon sa FindUniversity.ph ang mga eskuwelahan sa Malolos na may programa sa Komunikasyon ay Centro Escolar University, Bulacan State University, La Consolacion University at STI College Malolos. Sa labas ng Malolos, mayroon ding BA Communication sa Baliuag University sa Baliuag at sa First City Providential College sa San Jose Del Monte.

## Sanggunian


"Bulacan, Philippines: Tourism." *Bulacan*, 2007, Web. 29 Hun. 2020.

Cabasal, Herwin. Personal Interview. 1 Abr. 2017

Campos, Patrick. "Binisaya, A New Generation of Cebuano Filmmakers: An Interview with Keith Deligero and Ara Chawdhury." *Plaridel* 14.1 (2017): 213-220. *Plaridel Journal.* Web. 5 Hul. 2020.

Cañedo, Dax. "Guerillas in the Midst: A Narrative on the Rise of Mindanao Cinema in the Digital Age." *Plaridel* 14.2 (2017): pp. 183-190. Web. 5 Hul. 2020.

Carcamo, Dennis. "Cinema Rehiyon: Films from the 'Other Philippines' opens at CCP." *PhilStar.com,* Philstar Global Corp., 18 Peb. 2009, Web. 1 Hul. 2020.

Etikan, Ilker, Sulaiman Abubakar Musa, at Rukayya Sunusi Alkassim. "Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling."*American Journal of Theoretical and Applied Statistics* 5.1 (2016): 1-4. *Science Publishing Group*. Web. 1 Hul. 2020.

Fabonan, Lee Jacob. Personal Interview. 31 Mar. 2017

Gancio, Mary Kareen. "Philippine Contemporary Regional Cinema: A Narrative Analysis of Regional Filmmakers' Accounts on the Re-emergence of Regional Films in the 21st Century." MA thesis, U of the Philippines Diliman, 2015. Print.

Gojo Cruz, Genaro. *Connect the Dots: O Kung Paano ko Kinulayan ang Aking Buhay.* Mandaluyong: Anvil P, 2016. Print.

Groyon, Vicente. "Cinemarehiyon 2009." *A Reader in Philippine Film: History and Criticism*. Eds. Chua, Jonathan, Rosario Cruz-Lucero, at Rolando B. Tolentino, Quezon City: U of the Philippines P, 2014. 177-196. Print.

Herrera, Geraldine. "Malolos." *Sineliksik Bulacan Docu Fest 2017: Saliksik at Salaysay ng Kasaysayan ng Bayan Ko.* Ed. Jaime Balcos Veneracion, Malolos City: Pamalahang Panlalawigan ng Bulacan, 2017. 69-83. Print.

Magsanoc, Kai. "Filmmaker Auraeus Solito: Indigenous and proud." *Rappler,* Rappler. 19 Nob. 2012, Web. 1 Hul. 2020.

"National Artists." *Bulacan*, 2007. Web. 29 Hun. 2020.

Pablo, Annemikami. Personal Interview. 29 Mar. 2017

Palomares, Cenon Obispo. Personal Interview. Mar. 2017

Reyes, William. "Brillante Mendoza honored as Outstanding Kapampangan." *Pep.ph*, Pep.ph. 27 Dis. 2009, Web. 10 Hul. 2020.

San Diego, Bayani. "Pampanga fest's goal is diversity." *Inquirer.net*, Inquirer. 28 Nob. 2013, Web. 10 Hul. 2020.

Tan, Katrina Ross. "Constituting Philippine Filmic and Linguistic Heritage: The Case of Filipino Regional Films." *Citizens, Civil Society and Heritage-Making in Asia*. Eds. Hsiao, Hsin Huang Michael, Hui Yew-Foong, at Philippe Peycam, Singapore: ISEAS Publishing, 2017. 137-163. Google Book Search. Web. 10 Hul. 2020.

Tejero, Constantino. "Why Bulacan is the culture capital of the Philippines?" *Inquirer.net*, Inquirer. 20 Dis. 2015, Web. 9 Hul. 2020

"The First Philippine Republic of the Philippines." *National Historical Commission of the Philippines,* 7 Set. 2012. Web, 29 Hun. 2020.

Tolentino, Rolando. "Sinema ng Milenyo: Kritisismong Pampelikula, Kritisismong Pambansa." *A Reader in Philippine Film: History and Criticism*. Eds. Chua, Jonathan, Rosario Cruz-Lucero, at Rolando B. Tolentino, Quezon City: U of the Philippines P, 2014. xi-xxviii. Print.

Valiente, Tito Genova. "Critical Rituals: the Manunuri Film." *BusinessMirror*, Philippine Business Daily Mirror Publishing, Inc.11 Hul. 2019, Web. 3 Hul. 2020.

"Virgilio Almario and His Bulacan." *PhilStar.com,* Philstar Global Corp.,, 11 Set. 2011. Web. 29 Hun. 2020.